

SINO ANG NAMAMAHALA SA PARADAHAN NG SEATTLE AT BAKIT ITO PINAMAMAHALAN?

Pinamamahalaan ng Seattle Department of Transportation (SDOT, Departamento ng Transportasyon ng Seattle) ang paradahan sa kalsada upang masuportahan ang isang masiglang lungsod na may magkakaugnay na mga tao, lugar at produkto.

Kaunti lang ang curbspace na ginagamit para sa paradahan sa kalsada (gayundin para sa transit, mga delivery at marami pa) at mataas ang pangangailangan para dito. Kaya naman, maingat naming binabalanse ang mga pangangailangan upang maibigay ang mga produkto sa mga tao, masuportahan ang kahalagahan ng distrito ng negosyo at makabuo ng matitirhang kapitbahayan.

Kaya pinangasiwaan namin ang curbspace, naglagay at nagpanatili ng may bayad na paradahan, sakayan at mabilis na daan patungo sa mga business district gayundin ng mga pinaghihigpitang paradahan sa mga residensyal na lugar. Nakikipagtulungan kami sa Seattle Police Department Parking Enforcement (Departamento ng Pulisya ng Seattle sa Pagpapatupad ng Batas ukol sa Paradahan), Department of Planning and Development (Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad) (para sa paradahang wala sa kalsada), Seattle Municipal Court (Hukumang Munisipal ng Seattle) at sa Finance and Administrative Services Department (Departamento ng Mga Serbisyong Pampinansyal at Pang-administratibo).

MGA TICKET SA PARADAHAN

Umaasa kaming hindi kayo mabibigyan ng mga ticket sa paradahan. Gayunpaman, kung nakatanggap kayo ng ticket, mayroon kayong 15 araw upang umaksyon. Mayroon kayong apat na opsyon sa pagbabayad, nakasaad ang lahat sa likod ng ticket.

SA PAMAMAGITAN NG SULAT, SA IBINIGAY NA SOBRE: Municipal Court of Seattle, PO Box 34987, Seattle, WA 98124-4987

SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO: (206) 233-7000

ONLINE: www.seattle.gov/courts

PERSONAL: Municipal Court of Seattle, 600 5th Avenue, Monday-Friday, 8 AM-5 PM

MGA PAGDINIG SA HUKUMAN

Kung naniniwala kang hindi ka dapat nabigyan ng ticket at gusto mo itong tutulan sa harap ng Hukom, maaari kang humiling ng pagdinig para sa pagtutol.

Kung sumasang-ayon kang nakagawa ka ng paglabag ngunit gustong hilingin sa hukom na bawasan ang parusa dahil sa mga sitwasyon, maaari kang humiling ng pagdinig para sa mitigasyon.

Para sa higit pang impormasyon: (206) 684-5600 o www.seattle.gov/courts/hearings/hearinginformation.htm

MGA HINDI BAYAD NA TICKET

Malalagyan ng boot ang mga sasakyang may apat o higit pang hindi bayad na ticket sa paradahan. Kapag nalagyan ng boot, ito-tow ang sasakyan maliban na lang kung babayaran ang mga ticket at iba pang mga bayarin sa loob ng 48 oras. Makakakita ng higit pang impormasyon sa: www.seattle.gov/scofflaw



MAY BAYAD NA PARADAHAN SA KALSADA

May bisa ang may bayad na paradahan mula 8 AM hanggang 6 PM o 8 PM, Lunes hanggang Sabado. Nag-a-adjust ang mga rate at oras taun-taon at nag-iiba-iba ang mga ito batay sa mga kundisyon sa lugar. Ang mga berdeng palatandaan ng may bayad na paradahan ay nagpapahiwatig ng mas maayos na value. Nagpapahiwatig ang mga asul na palatandaan na may After 5 na simbolo na kailangan ng bayad para sa gabi. Maraming dinaraanang kalsada ang may mga paghihigpit sa paradahan sa tuwing oras ng pag-commute sa umaga at gabi.

Available ang pagbabayad sa pamamagitan ng mobile sa lahat ng may bayad na paradahan. I-download ang PayByPhone app sa iyong app store at mag-set up ng account para sa mabilis at madaling pagbabayad sa paradahan.

MGA CONTACT AT DIGITAL TOOL

Para sa higit pang impormasyon: (206) 684-ROAD (7623)

Upang tumawag ng parking enforcement officer para sa mga hindi pang-emergency na sitwasyon: (206) 625-5011

Upang mag-ulat ng mga inabandonang sasakyan: (206) 684-8763

Kung na-tow ang iyong sasakyan mula sa isang pampublikong kalsada: (206) 364-2000 o pumunta sa www.seattleimpound.com

Para sa impormasyon ukol sa paradahan ng SDOT: www.seattle.gov/parking

Para sa magagamit sa smart phone na mapa ng paradahan sa downtown: www.DowntownSeattleParking.com

Para sa impormasyon ng real-time na garahe ng SDOT : www.seattle.gov/transportation/epark/mobile

MAAARI BA AKONG PUMARADA RITO?

Alamin ang mga palatandaan, iwasang magkaroon ng ticket, pumarada nang mahusay. **Ipakita namin sa iyo kung paano.**



Seattle
Department of
Transportation

BAWAL PUMARADA

MINSAN LANG MAAARING PUMARADA

MGA ESKINITA

Huwag pumarada o huminto sa mga eskinita. Maaaring magsakay/magbaba ang mga pampublikong sasakyan nang hanggang 30 minuto.

HUMINTO AT MAGPARAAN

Huwag pumarada sa loob ng 30 talampakan mula sa mga Stop and Yield na palatandaan, gayundin sa loob ng 20 talampakan mula sa isang tawiran.

MGA DRIVEWAY

Huwag pumarada sa loob ng 5 talampakan mula sa mga driveway. Maaaring pintahan ng dilaw ng mga residente/ may-ari ng ari-arian ang curb nang 5 talampakan sa bawat gilid ng driveway.

MGA FIRE HYDRANT


Huwag pumarada sa loob ng 15 talampakan mula sa mga hydrant.

MGA SIDEWALK AT PLANTING STRIP

Huwag pumarada sa mga sidewalk, planting o paved strip sa pagitan ng sidewalk at kalsada.

MGA INTERSECTION AT TAWIRAN

Huwag pumarada sa loob ng intersection, sa isang tawiran, o sa loob ng 20 talampakan mula sa tawiran, kabilang ang mga "T" intersection. Tingnan kung may mga palantadaan na bawal pumarada. Maaaring markahan ang mga tawiran (gamit ang pintura) o hindi markahan (walang pinta).



GAANO KALAPIT AKO MAAARING PUMARADA?



MGA TOW-AWAY ZONE

Huwag huminto sa mga zone na ito o sa anumang zone na may pinturang pula.



MGA ZONE KUNG SAAN BAWAL PUMARADA.

Huwag pumarada sa mga zone na ito.



MGA PANSAMANTALANG ZONE KUNG SAAN BAWAL PUMARADA.

Huwag pumarada rito sa mga petsa at oras na isinaad. Tumawag sa Customer Service Bureau (Sangay ng Serbisyo sa Customer) para sa mga tanong sa (206) 684-CITY.

IBA PANG MGA ITINALAGANG ZONE

Huwag pumarada sa mga zone ng bus, taxi, charter bus o carshare.


MGA PANGKOMERSYAL AT MALAKING SASAKYAN

Huwag magparada ng truck/trailer na mahigit 80 pulgada ang lapad sa anumang kalsada o eskinita, maliban sa mga Industrial Zone, sa pagitan ng hatinggabi at 6 AM.



PARADAHAN PARA SA MGA TAONG MAY KAPANSANAN

Huwag pumarada sa paradahang nakalaan para sa may kapansanan o gumamit ng permit maliban kung: 1) mayroon kang kapansanan o ang pasahero mo, at 2) nagpapakita ang iyong sasakyan ng may-bisang placard, license plate o tab para sa may kapansanan. Ang multa para sa hindi wastong paggamit ay umaabot nang \$450.



MAY BAYAD NA PARADAHAN

Kailangang magbayad sa pay station o sa pamamagitan ng telepono. Ang mga asul na palatandaan na may 'After 5' na simbolo ay nagpapahiwatig ng 3 oras na limitasyon pagkalipas ng 5 PM. Nagpapahiwatig ang mga berdeng palatandaan ng mas maayos na value na may mas mababang rate o mas mahabang limitasyon sa oras.



RESTRICTED PARKING ZONE (RPZ, PINAGHIHIGPITANG LUGAR NA PARADAHAN)

Kung may RPZ permit ang iyong sasakyan, maaari kang pumarada sa mga kalsadang may palatandaan ng RPZ nang hanggang 72 oras. Kung hindi, limitado ang iyong pagparada ayon sa nakasaad na oras. Tumawag sa: (206) 684-5086.




MGA PEAK HOUR

Huwag pumarada sa mga nakasaad na oras, kung hindi, mato-tow ang sasakyan. Nag-iiba-iba ang mga pinaghihigpitang oras kaya naman tingnan ang mga palatandaan nang mabuti.



MGA LUGAR NA MAY LIMITADONG ORAS

Pumarada hanggang sa nakasaad na limitasyon na oras. Kailangan mong alisin ang iyong sasakyan sa block (magkabilang gilid ng kalsada): halimbawa, sa susunod na block o sa kanto.




MAGSAKAY AT MAGBABA

Maaaring magsakay/magbaba ang lahat ng sasakyan ayon sa mga nakasaad na oras. (Kulay ng curb: dilaw.)



PAGSAKAY NG PASAHERO

Maaaring huminto ang lahat ng sasakyan nang 3 minuto upang magsakay at magbaba ng mga pasahero ayon sa mga nakasaad na oras. (Kulay ng curb: puti.)



MAGSAKAY AT MAGBABA PARA SA TRUCK

Maaari lang magsakay/magbaba ang lahat ng lisensyadong truck na sasakyan ayon sa mga nakasaad na oras. (Kulay ng curb: dilaw.)



MGA COMMERCIAL VEHICLE LOAD ZONE (CVLZ, MGA SASAKYAN NG PANGKOMERSYAL NA SASAKYAN)

Maaari lang magsakay/magbaba ang mga pangkomersyal na sasakyan nang hanggang 30 minuto. Maaaring kailanganin ng bayad o may-bisang pahintulot ng CVLZ. Tumawag sa: (206) 684-5103. (Kulay ng curb: dilaw.)

IBA PANG MGA SITWASYON

MGA LICENSE PLATE AT TAB

Huwag pumarada sa kalsada nang walang license plate sa harap at likod, o may mga nag-expire nang tab.

72-HOUR RULE

Huwag iparada ang iyong sasakyan sa parehong block nang mahigit 72 oras na dire-diretso, kung hindi, ituturing nang inabandona ang sasakyan at maaaring bigyan ng ticket o ma-tow.